

# Congenital Syphilis

Ano ang kailangan mong malaman



**Ang syphilis ay isang sakit na nakukuha sa pakikipagtalik (sexually transmitted disease, STD).**

Ang sinuman na makikipagtalik— vaginal, anal o oral—ay makakakuha ng sakit na iyan.

**Mahirap sabihin kung ikaw ay may syphilis.**

Ang tanging paraan para siguradong malaman ay ang magpasuri.



**Kapag ikaw ay nasuri na positibo, magpagamot kaagad.**

Ang paggagamot ay karaniwang 1 dosis ng antibiotic.

Ang iyong kapareha sa pakikipagtalik ay dapat magpasuri din.



**Ang isang buntis ay maaaring magbigay ng syphilis sa kanilang sanggol.**

Ang syphilis sa isang sanggol ay tinatawag na congenital syphilis.



**Sa sandaling malaman mo na ikaw ay buntis, magpunta sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.**

Susuriin ka nila para sa syphilis.

Kapag ikaw ay nasuri na positibo, gagamutin ka nila.

Sa pamamagitan ng paggagamot, maiiwasan mong maipasa ang syphilis sa iyong sanggol.



**Ang mga sanggol na ipinanganak na may syphilis ay dapat ipagamot kaagad sa ospital.**